Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-17 NG PEBRERO, 1997, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE............ PANG. PUNONG BAYAN
Kgg. Heidi S. Ciriaco............... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas.............. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon............... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez............. Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison............... Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas............... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco............ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor.......... Kagawad

DI-DUMALO:

W A L A

KAPASIYAHAN BLG. 052-T'97

KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA PUMASOK SA PAKIKIPAG-KONTRATA HINGGIL SA PAGLALAGAY NG PARKING FEE SA MGA ITINAKDANG LUGAR NA SAKOP NG BAYANG ITO.

SAPAGKA'T, ang kaayusan sa pamamahala ng trapiko sa bayang ito ay ipinatutupad ayon sa Kautusang Bayan Blg. 8-T'97 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 10-T'97;

SAPAGKA'T, ang pagparada ng mga sasakyan sa mga itinakdang lugar sa bayang ito ay isa sa mga panuntunang dapat na ipasunod ayon sa itinatadhana ng nabanggit na kautusan;

SAPAGKA'T, ang nasabing panuntunan ay isa sa mga pangunahing hakbang ng pamahalaang bayan tungo sa pagtatamo ng isang maayos na pagpapatupad ng batas-trapiko sa bayang ito

SAPAGKA'T, ang pamamahala sa pagtatakda ng "Parking Fee" ay mangangailangan ng karagdagang tauhan na pirmihang gaganap sa mga gawaing nakatakda ukol dito;

SAPAGKA'T, malaking responsibilidad ang nakaatang sa mangangasiwa ng gawaing ito.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Celestino D. Pamatmat at Bernardo E. Ison at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na bigyan ng kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban, na pumasok sa pakikipag-kontrata hinggil sa paglalagay ng Parking Fee sa mga itinakdang lugar na sakop ng bayang ito.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Kagawad
Pansamantalang Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan